"Ang lahat ay nag-uumpisa sa isang hakbang." Ito ay isang katotohanan na ating nararanasan. Dahil sa mga hakbang na ito at sa tulong ng biyaya ng Diyos, lahat ng mga pagsubok ay kaya nating malampasan. Nakakagaan ng loob na mapagkinggan ang mga istorya ng iba't ibang "tanglaw at tagumpay" ng ating mga kliyente sa Microfinance. Ang kanilang mga karanasan ay atin ding karanasan.

Banana Chips Atbp.

Taong 2001 nang inumpisahan ng mag-asawang Ricardo at Virginia Dimayuga ang paggawa ng coated peanuts at pagbebenta nito sa mga pamilihan. Sa pagdalo ng isang kasalan sa Iloilo, nagkaroon ng ideya ang mag-asawa. Sa 200 piso na kapital, buong loob na kanilang sinubok ang ganitong negosyo. Hindi sila nabigo. Pumatok ang kanilang produkto; hindi lang mani, pati na rin banana chips. Sa pagsali sa KAPITAN sa Tingga Itaas, natulungan lumaki ang kanilang produksyon, nakabili sila ng mga kagamitan sa pagluluto, kagamitan sa pagre-repack at paaayos ng lugar ng lutuan. Bukod dito ay may iba pang produkto silang idinagdag: ang pastillas, mazapan at pulburon. Guminhawa ang kanilang kalagayan at ang pag-aaral ng kanilang mga anak ay hindi na nila inaalintana.

Tricycle

Sa loob ng pitong siklo ng pagsali sa KAPITAN sa Bago, maraming kakaibang mga karanasan si Vilma Dimaano. Mula sa maliit na negosyong tindahan at alagang inahing baboy, ang perang hiniram sa bangko ay nagsilbing dagdag kapital. Naisipan din niya ang negosyong pagbili at pagbebenta ng palay upang matugunan ang ligguhang hulog. Matinding pagsubok ang pagkakasakit ng kanilang walong taong gulang na anak ngunit dahil sa sipag at sa tulong pinasyal na hatid ng KAPITAN, ito ay kanilang nalampasan. Nakabili sila ng tricycle na kanilang binayaran lamang sa loob ng isang taon sa halip na tatlong taong kontrata. P42,000 ang kanilang natipid sa pagbabayad ng balanse ng tricycle. Itunuturing nilang biyaya at tulong ng Diyos at ng KAPITAN ang sarili nilang tricycle.

Sentro ng San Andres

(kwento ni Andrian "Toti" Hernandez, SPB)
Paano ga nga nagsimula ang KAPITAN sa San Andres? Ala, ganito yun. Isang araw nag-isip ako kung paano at saan ga ulit ako pwedeng magsimula o magbukas ng panibagong sentro. Minsan nung nagpapatahi ang grupo namin ng "costume" para sa pagkanta, may nakausap akong isang mananahi. Habang nakikipagkwentuhan ako sa mananahi ay nabanggit ko sa kanya na naghahanap ako ng pwedeng lapitan para makapagsimula ng bagong sentro. Kinabukasan ay kinausap niya ako at itunuro ang taong maari kong lapitan. Makalipas ang dalawang araw ay isinagawa na ang "projection meeting" kung saan ipinaliwanag namin ng "branch manager" sa mga kababaihan ng San Andres ang programa ng Bangko Kabayan. Dito ay nakita nila ang kaibahan at kagandahan ng ating programa kumpara sa iba. Ang sumunod na proseso ay ang CIBI. Medyo nagtagal din ang pagsasagawa nito. Mayroong mga nainip pero nagtiyaga pa rin silang naghintay.

Continued on page 11...

KAMBIO

Violy Echague

"Ang Diyos ay pag-ibig." – isang paglalarawan ni San Juan upang bigyan kahulugan ang Kanyang kabutihangloob (Divine Providence). Mahirap ipaliwanag pero madaling tuklasin sa ating mga karanasan.

Dalawang buwan na ang nakaraan, maaga akong namalengke at nagpasya na hindi pumasok ng upisina para maalagaan ang maysakit kong ama. Laking takot ko dahil dinatnan ko siyang walang malay at sa tulong ng mga kapitbahay nadala namin siya sa ospital. Dalawang ospital ang aming pinuntahan pero kapwa puno ng mga pasyente ang mga pribadong kwarto, kaya humantong kami sa government hospital para sa kaagarang lunas ng aking ama. Alas 7:00 pa lamang ng umaga ay napuno na ang ER ng mga pasyente. Lalo nang lumubha ang aking pag-aalala dahil mahigit ng isang oras ay hindi pa kami nadadala sa kwarto. Inabot na kami ng mga nagsisipasok na mga empleyado. Hindi pa matiyak kung may kwarto o sa ward kami madadala. Sa admitting section nadaanan kami ng director ng ospital at nang malaman ang aming pangangailangan, mabilis niyang nagawa ang paraan na maituloy kami sa pribadong kwarto. Nasabi ko, "Diyos ko, salamat po at na-delay kami sa ER." Nang sumunod na araw, yaong tagalinis ng kwarto ay nakapagsalita na, "Iba na po ang may kakilala dito sa ospital, ano po?" Naging sagot ko sa kanya, "Otoy, nagkakilala kami dahil nagkikita kami sa serbisyo sa komunidad. Higit sa lahat, ito na ang tugon ng Diyos sa kahulugan ng 'magbigay ka at ikaw ay tatanggap.'"

Dala ng isang karamdaman, nagpasya akong magpa-ospital sa Lipa dahil malapit ito sa tirahan ng aking kapatid na makatutulong sa akin habang ako ay nandoon. Ang pamangkin ng aking hipag ang nakahalili niya sa pagbabantay sa akin. Kinabukasan, nagpaalam ng pag-uwi ang kanyang pamangkin. Dahil nakakalakad naman ako at maaaring walang bantay, siya ay aking pinayagan. Hindi pa siya nakakalayo, dumating ang isa kong kaibigan na sinamahan ako at nakapaghintay sa kanyang pagbabalik.

Ilang araw na rin akong wala sa bahay dahil sa aking pagkaka-ospital. Nang maka-uwi ako, tinanong ko ang aking kasambahay kung mayroon kaming kakinin sa tanghalian. Sumagot ito, "Ate, nagsaing po ako pero walang pangulam." "Sige, magbukas ka na lang ng de-lata", tugon ko sa kanya. Maya-maya, tumunog ang telepono. Tawag mula sa kapitbahay para abutin ko sa bakod ang basket na laman ang padala niyang pagkain dahil birthday ng kanyang apo. Nasabi ko, "Hesus, salamat at nasa amin kang kapitbahay. Hindi mo kami pina-bayaan. Wala na akong masasabi sa Iyong padala: pansit, kaldereta, bilo-bilo. Aba, kumpleto!"

Isang pagtitipon at pagdiriwang ang ipinasya kong daluhan pero malaking pera ang kailangan para sa pamasaha at pagtigil sa hotel dahil gagawin ito sa ibang bansa. Ang aking pagsagot ay isang pagtugon kay Hesus bilang pagtanggap sa bokasyon ng "volunteer". Halos sampung buwan na paghahanda na maka-ipon para sa gastos tulad ng paghingi ng tulong sa mga kaibigan, paggamit ng sariling impok at katapusan na ang paghiram ng pera sa kumpanya at iba pa. Lagi kong sinasabi sa aking sarili, "Para sa iyo, Hesus." Mahabang panahon ang kailangan para mabayaran ko ang aking utang. Pagkatapos ng pag-iisp kung paano ko it babayaran lakip ang panalangin ng pagtitiwala ng lahat sa Diyos. Isang araw, isang tawag sa telepono ang aking tinanggap. "Marahil nalimutan na ninyo ako. Ipin-aabot po ni Johnny na babayaran kayo sa serbisyong ginawa ninyo para sa kanya." Napa-isip ako dahil siyam na taon na ang nakaraan!

Simple lang kung nais pa nating unawain ang kabutihangloob ng Diyos. Magkano na nga ang ating suweldo? Kuwentahin natin ang lahat ng ating bayarin. Mabililang natin ang ating hawak. Kulang, di po ba? Lalo pa kapag mayroong mga di-inaasahang mga pangyayari tulad ng pagkakasakit at iba pa. Paano tayo nakalalampas sa ating pangangailangan? Paanong nagkaroon tayo labas sa ating mga hawak, sa kaya nating bilangan at kuwentahin? Aminin natin, kaibigan. Nasa atin ang gawa, pero nasa Diyos ang awa. Ginawa nating lubusan ang ating parte para sa kapuwa, nagbigay tayo hindi lamang ng ating kakayahan, ng ating oras, nagtaya na tayo ng tanging pera. Pero ang hiwaga at himala ay wala sa atin. Tama, nasa pangangalaga ng Diyos sa atin para mapakilos ang mga taong intrumento ng Kanyang pagpapala.

Pinoy Ako, Pinoy Tayo!

By: Fides Ganzon

Bahagi ng pagka-Pinoy natin ang pagiging malapit natin sa Diyos. Isinasabuhay natin ito hindi lamang sa pamamagitan ng pagdarasal o pagsimba tuwing Linggo. Mayroon tayong personal na relasyon sa Panginoon at alam nating hindi Niya tayo pababayaan kailanman. Kaya naman sa gitna ng unos, gulo, at tukso, hindi tayo kaagad bumibigay.

Maipagmamalaki natin na hindi tayo laging naghahanap ng “short cut,” hindi tayo nagpapadala sa tukso, hindi tayo kaagad sumusuko. Tapat tayo sa ating buhay kasi alam nating mayroong Maykapal na nagbabantay sa atin at na siyang magbibigay ng nararapat sa mga may kabutihang-loob.

Tingnan natin ang isang pangyayari na nagpapakita ng pagiging tapat ng ating kapwa Pilipino, na sa huli ay nabiyayaan rin dahil sa kaniyang ipinakitang kabutihan...

Pedicab driver nagsauli ng P104,000!

Nakapulot ng isang puting plastic bag si Jose Buenaventura ng Rosario, Cavite sa isang kalye sa Barangay Silangan, Tramo noong nakaraang buwan ng Agosto. Nakita niya ito na malapit sa isang basurahan. Nagulat na lamang siya nang makita niyang may laman itong pera. Agad niyang dinala ang pera kay Vice Mayor Jose Hernandez upang matulungan siyang hanapin ang may-ari. Bumalik sila kung saan nakita ang plastic bag at doon nila natagpuan ang isang buntis na babaeng nanggagalang Carolina Distor. Hinahanap niya ang nahulog na plastic bag na naglalaman ng pambayad sa isang bahay na binibili nila ng asawa niya. Nahulog pala ito mula sa motor na sinakyan ng mag-asawa.

Isang bayani si Jose Buenaventura. May kahirapan ang buhay niya; sa loob ng 12 oras, ang kita niya sa pagpapadyak ay P150-200. Nakatira siya sa isang barung-barong na walang lutuan. Kaarawan niya noong susunod na araw. Ngunit hindi niya inisip ang kaniyang sarili at agad siyang kumilos sa tamang paraan. Bilang gantimpala, binigyan siya ni Carolina Distor ng P10,000.

Eto naman ang isang pangyayari na nagpapakita ng pagkamatulungin ng ilang Pinoy...

Pagbabahagi ng biyaya sa mga nasalanta

Nang basahin ni Ricky Gonzales, isang retired business consultant sa Makati, ang nangyari sa buhay ni Gerardo Laganzon ng Calamba matapos ang bagyong Milenyong, tumawag agad siya sa Inquirer upang magtanong kung paano siya makakatulong. Sinabi niyang gusto niyang makilala ng personal ang mga nasalanta, “Matapos kong basahin ang kwento’y naitanong ko sa sarili ko kung bakit ang dami kong pag-aari at siya nama’y wala. Alam kong may dahilan ang Diyos sa lahat kaya’t napagpasyahan kong tumulong sa kahit anong paraang kaya ko.” Mayroon ring isang negosyante na nagpatakbo ng isang grocery store sa Batangas City na nagtanong kung paano sila ng kaniyang pamilya magpapadala ng relief goods sa mga naapektuhang pamilya.

(Source: Inquirer7.net)

Ipinagmamalaki mo ba ang pagka-Pinoy mo?

Oo, kasi marami tayong magagandang kaugalian. Proud ako maging Pinoy kasi *hospitable* tayo, masasarap ang pagkain, magaganda ang tanawin at tama lang ang klima. Ipinagmamalaki ko na Pinoy ako kasi mahal ko ang bayan ko.—Grace de Castro

TAKING A STAND

Catherine Torres

OIL SPILL NIGHTMARE!

The worst environmental damage happened in the country when the oil tanker *Solar I* sank in the seas of the Guimaras Island last August 11, 2006 carrying two million liters of bunker oil. More than 50,000 gallons had leaked into the sea affecting the coastline of Guimaras, scattering black stains on beaches and mangroves as well as on the walls of houses near the shore. As of now, it is said that the oil is continuously leaking from the sunken ship. The oil spill greatly damaged coral reefs, marine reserves, resort islands and islets as well as seaweed plantations. It also caused the loss of sources of income for fishermen and villagers who depend on the rich aquatic resources of the ocean. The entire fishing, agriculture, and tourism industries in the area were greatly devastated!

What happened was really a nightmare, putting the entire island into a total wreck! The said ecological disaster damaged everything. It spread pollution and poisoned the ocean and the entire marine life. It also cut the throats of poor fishermen.

It is ironic that after being noted as the most biodiversified country, having the best diving spots and hosting most of the coral reef species in the world, the Philippines now holds the record of the worst catastrophic oil spill tragedy that ever happened in the world!

The government should impose necessary sanctions to the parties responsible for the said environmental tragedy, mainly Petron and the owner of the oil tanker *Solar I* (Sunshine Maritime). The crime they committed was truly a crime against the people and nature. All concerned government agencies and other institutions should join forces for the fast clean-up and recovery of the island. It is also notable that some agencies such as DENR and the Philippine Coast Guard have done their part by immediately responding to the situation.

Time is running out for the survival of the environment considering that *Solar I* still lies beneath the sea containing the bunker oil. The lesson might be: companies must consider nature as one of their top priorities and not only profits. It is to show their sincere commitment to environmental awareness and social responsibility towards a healthy environment and a dynamic life among the populace.

**CONGRATULATIONS,
Rymar Gutierrez of Ibaan Branch!
You won the KABAYAN Loan
Logo-making Contest!**



Check the next issue of TINIG for the details of the new KABAYAN Logo.



**August—October
NEW EMPLOYEES**



From left to right, top to bottom:

- | | | |
|--------------------|----------------|-------------|
| Amboy, Grace | DLB 4 | MBB |
| Barcelon, Reginald | Kabayan AO | NBB |
| Bonsol, Aileen | Kabayan AO | Lemery LCDP |
| Campang, Rollie | Kabayan AO | SNJ |
| Catibog, Shiela | Loan Clerk | SPB |
| Consul, Mercondi | Kapitan AO | CLC |
| De Chavez, Cristy | DLB 3 | IBB |
| Enriquez, Crispina | Kabayan AO | Lemery LCDP |
| Ganzon, Fides | Communications | Exec |
| Magpantay, Lovelie | Kabayan AO | Lemery LCDP |
| Malata, Noreen | GC | SJB |
| Malinay, Servando | Kabayan AO | NBB |
| Mendoza, Jhoan | DLB 1 | RBB |
| Mote, Ever | Kapitan AO | SJB |
| Ramos, April | Kabayan AO | SPB |
| Rena, Madel | Teller 1 | IBB |
| Salles, Ronald | Kapitan AO | MBB |

**Up Close and Personnel
BK - San Jose Branch**

By: Eric Atienza

Sa bawat oras at araw ay may kaakibat na hamon. ‘Yan ay ang labanan ang bawat pagsubok at paunlarin ang ating mga sarili at kapwa, at makisabay sa makabagong hamon ng teknolohiya. Narito ang isang munting salaysay ng isang institusyon na sa paglipas ng panahon ay nalabanan ang bawat hamon sa pamamagitan ng pagkakaisa ng mga kawani nito. Ito ay ang Bangko Kabayan – San Jose Branch.

Ang ika-22 ng Nobyembre taong 1991 ay isang napakahalagang araw sa kasaysayan ng Ibaan Rural Bank (Bangko Kabayan). Ito ay ang araw ng pagpapasinaya sa bagong sangay nito sa San Jose, Batangas na matatagpuan sa Conception Auila Memorial College (Cameco). Ang sangay na ito ay pinamahalaan ni Mr. Ed Ong (Manager), Ambina Mirasol (Cashier), Merly Adajar (Bookkeeper), Shirley Husmillo (Savings Demand Bookkeeper), Zerly Marasigan (Teller) at Antonio Feber (Janitor). Naging maganda ang pagtanggap ng mga taga-San Jose sa Bangko Kabayan. Ito ay sinuklian naman ng magandang serbisyo ng bawat kawani nito. Sila ay nag-house-to-house upang lalong maipaabot sa mga taga-San Jose at karatig lugar nito ang mga produkto ng Bangko Kabayan sa larangan ng deposito at pagpapautang. Ito ang naging dahilan upang makatanggap ang San Jose Branch ng karangalan bilang “Income Branch” noong mga taong 1995 at 1996.

Ilan sa mga makinaryang ginagamit noon sa bawat transaksyon ay ang posting machine na ginagamit ng mga teller at blotter machine na ginagamit ng bookkeeper. Hindi nagtagal at naging fully computerized na ang Bangko Kabayan San Jose Banch. Ito ang naging dahilan upang lalong maging maayos at madali ang bawat serbisyo sa mga kliyente nito. Tumagal ang Bangko Kabayan San Jose sa opisina ng Cameco sa loob ng sampung taon. Noong ika-27 ng Setyembre, 2001 ay nagpasya ang pamunuan ng Bangko Kabayan na lumipat sa mas moderno at maayos na gusali na hanggang sa ngayon ay matatagpuan sa Maicor Building, Makalintal Avenue, Taysan, San Jose. Isang simpleng inagurasyon ang naganap na dinaluhan ng pamunuan ng BK at mga piling bisita. Ang sangay na ito ay pinamunuan ni Mrs. Yolanda Cabatay bilang Manager sa loob ng 5 taon. Kasama rin sina Bong Ozaeta, Zerly Marasigan, Maricon Chavez, Randy Bagsit at Crisaldo Patena bilang mga kawani nito.

Sa paglipas ng panahon, lalo pang nadagdagan ang mga empleyado nito sapagkat lalong lumaki ang Microfinance Program ng BK (Kabayan at Kapitan Loans). Ang mga Account officer noon ay sina Galileo Alday, Cary Aldwin De Villa para sa Kabayan at sina Lester Makalintal at Jefferson Alday para sa Kapitan.

Noong ika-15 ng Mayo, 2006 si Mrs. Yolanda Cabatay ay nahirang na maging Manager ng BK-Ibaan Branch. Hinalinhan siya ni Mr. Eric Atienza bilang Officer-In-Charge ng San Jose Branch. Maraming nagbago sa mga posisyon ng mga empleyado tulad nang magpaalam si Emily Abel ay pinalitan siya ni Celeste Javina bilang Bookkeeper; pumasok naman bilang bagong DLB si Marsha Joyag.

Continued on page 12...

BK Conducts Series, cont'd from page 3...

Lastly, a seminar for Branch Operations Heads, Senior Tellers, and Deposit and Liability Bookkeepers of all branches was held last September 30 at the training room. It was about Bangko Kabayan's Process Flow Remittance tie-up with Banco De Oro and a review on account opening. Mrs. Liza V. Mercado (VPO), made an update on the changes on opening of current accounts. Approval of current account applications will now be passed on to the Branch Managers and Branch Operations Heads' responsibility. Conducting CI/BI of the prospect CA applicants will also be a part of their duties. The seminar also served as a refresher course for the DLB/BOH on the SOPs of opening accounts. The main purpose of this seminar was to familiarize the employees concerned in this matter about the new service that BK will soon provide to our valued clients. Bangko Kabayan will now serve as a remote delivery channel of Banco De Oro. Aside from Western Union, Uniteller and Pinoy Express, BDO Remittance is the newest remittance service available in BK that will be launched this October.

ORACLE, cont'd from page 8...

Makalipas ang isang linggo, nagsimula na ang pagsasanay. Nag-review ako ng module para mas maging maayos ang pagsasanay nila. Nag-isip din ako ang mga bagong activities na pwedeng ipagawa sa mga nanay. Sa unang bahagi ng pagsasanay, biglang sumagi sa isip ko na ipasalarawan sa kanila kung saang bagay o hayop nila maihahalintulad ang sarili. Isa-isa nilang ipinaliwanag kung ano ang napili. Iba't ibang emosyon ang nakita ko sa kanilang pagsasalita at pakikinig. Nakita ko rin kung ano nga bang hirap ang mga pinagdaanan ng mga magulang lalo't higit ang mga ina.

Sa ikalawang bahagi ay tinalakay ko ang kahalagahan ng pakikipag-intindihan. Binigyan ko sila ng pagkakataon para ibahagi sa iba ang kanilang mga napagdaanan bilang mga ina. Dito ay naibahagi nila sa grupo ang kanilang mga kahinaan at kalakasan. Naging napakahirap ang ganitong uri ng pagababahagi pero dito nila nakilala ang tunay na pagkatao ng bawat isa.

Kasama din sa pagsasanay ang paggawa nila ng mga personal na "vision" o pananaw sa pamamagitan ng pagguhit. May mga nagsabi na sila ay magiging "pampalasa" ng baranggay. Mayroon din gumuhit ng isang malaking "patukaan" mula sa pagiging "paraw." Ang ilan na nagmula sa "bilaong isda" ay nagpahayag ng kanilang pangarap na maging "banyerang isda." Sa huli, hinikayat ko sila na mag-isip ng mga alternatibong negosyo na pandagdag kita sa mga panahong humihina ang mga negosyo nilang pangangisda.

Pagkatapos ng makabuluhang pagsasanay, dumating na ang araw na kanilang hinihintay - ang pagtanggap sa Bangko ng puhunang hiniram. Mas nalasap nila ang biyayang ito dahil sa pinagdaanang pagsasanay. Napatunayan nila sa kanilang isip na totoo ngang nasa Diyos ang awa at nasa tao ang gawa.

BK in Budapest, cont'd from page 6...

clean. It means making decisions based not solely on the standards dictated by efficiency and competitiveness but more importantly based on the values that BK upholds. It means not being contented by existing processes but always looking for ways of how to do things better.

A volunteer is a non-conformist. I do not tolerate "green jokes." I don't laugh when I hear one and I tell my friends not to forward such jokes to me.

An example of "going against the current" is when my daughter, Anita, turned 1. When I asked my other friends how they celebrated their children's birthdays they all said that they threw a big party in a restaurant or at home. I do not believe in spending too much money in balloons and fancy food that will only last an afternoon. I decided to celebrate Anita's birthday in a home for disabled children. I invited my friends and their children, too. We all enjoyed! One of my friends approached me after and said that it was a very good idea and it was very different from all other parties she attended.

Being a volunteer does not require great deeds. It asks us to do the daily simple tasks differently.

1	2	3			4	5	6		7	8
9						10			11	
		12	13		14				15	
			16			17				
	18							19	20	
21		22		23			24			
25					26					
		27		28			29			30
31	32									
33							34			

P
U
Z
Z
L
E

by:

k
u
l
i
t

'06

ACROSS

1. pertains to money
3. small & medium enterprises
4. an opportunity or potential to buy / sell
9. original equipment manufacturer, distributor of a particular product
10. cash advance
11. cost incurred in normal conduct of business (abbrev.)
12. entrepreneurial management
14. transfer of certificate title
15. multinationals
16. accounts receivable
17. that is not subject to tax (abbrev.)
19. portfolio at risk
21. payment that is past due
24. discounts
25. a system for inventory control for placing an order to stocks
29. a business transaction in which one party furnishes money or other assets to another
30. of that which remains after deduction
31. accounts payable
33. to make an entry into the journals or ledgers of the company
34. a position in the computer frame designed to control handler

DOWN

1. the amount to be paid for something
2. cost associated with the guidance & control of the operations of a co.
5. account (abbrev.)
6. relative amount
7. end of accounting payment period (abbrev.)
8. a right to hold a property or position
13. a person who signs or authorizes the transaction
18. medium, small enterprises
19. the total paid out of the company for salary
20. automatic transfer account
21. any item of value, often descriptive of the strong points of a person or co.
22. a business that is owned by one person
23. tax declaration
26. electronic data processing
27. estate of planning; the strategy for managing property so as to legally transfer as much as possible to one's heir
28. optical character recognition
32. performance evaluation

KOINONIA: A Mission for Communion

By: Allan Rey Valdez

Koinonia is an inclusive term that is translated in different ways referring to communion, fellowship, intimate friendship and interpersonal relationship. It is about the ongoing process of moving from self-awareness to self-donation, from personal to communal and from individuation to collaboration. It captures the meaning of self-validation which leads to communion.

This was the main point of our Values Seminar that was held last August 12 to 13. Before attending the seminar, we did not know what to expect from it. After experiencing two whole days of different activities that revolved around this concept, we realized that it helped enlighten our spiritual and personal well-being. We rediscovered the gospel of life, “Love one another as I have loved you.” (John 13:34). It inspired a communion of spiritual and material goods. We convinced ourselves and everyone that putting this gospel into practice holds the answer to the problems of individuals and the society as a whole.

In my interviews with different Branch Managers regarding to our Values Seminar, these are some of the things that they said:

“We realized the effort of our company in giving importance to each individual because [the seminar] was not held only to help us be better in our work but also to cultivate our personal life by having a vision of ‘giving’... by living the ‘Culture of Giving.’”

“...We discovered that BK is not only a profit-oriented institution but more importantly, an organization dedicated to service for its clients and the development of its human resources.”

“One of the highlights of the seminar was our last session—the Chain of Love. It helped us accept and forgive everyone around us. This theory of self-validation taught us how to accept each other for what he or she truly is. Now, we are also more aware and motivated to love our duties and responsibilities as we nurture our relationships with clients and co-employees.”


There were many ideas that were shared and discussed that can be points of reflection. But as mentioned in the seminar, nobody can change us unless we want to change. And nobody can teach us anything unless we decide to learn. No one can choose growth for us because to grow or not is a personal decision. All the activities would have been effective *only if* we submitted ourselves totally and seriously during the whole seminar. It should not remain as a mere memory of a 2-day seminar with co-workers; everything must be practiced and lived continuously.

According to Chiara Lubich, founder of Focolare Movement, “Culture of giving does not only mean to give our profits, or to give things: some jewels, some land, some houses. It is not that. It is a giving in the way we have learned from the gospel which means to love everyone. Therefore, the culture of loving means loving your employees, and loving your competitor, and loving your customers, loving your suppliers, loving everyone. The lifestyle of the business has to change, everything must be based on the gospel or we do not have an economy of communion.” We should know by now that BK is more than a bank, more than an organization. We are a continuously growing family—one that strives to help the community prosper by providing excellent service and constantly looking for ways to answer to the needs of our clients, strengthened and inspired by our belief in the providence of God.

did you know that...

Trivia by: Bono Zaballa

Illustrations by: Zandren del Mundo



The last two digits of Transfer Certificate of Title No. is the page number.

The legal easement is 3 meters for creek, 6 meters for river, 20 meters for the lake, and 20 meters for the ocean which is called the “salvage zone.”

There are 2 million pieces of 500 Peso Bills in the circulation.



Up Close and Personnel, cont'd from page 10...

Nang magpaalam si Jefferson Alday, pinalitan siya ni Christian Pagcaliwangan bilang Kapitan AO. Na-promote naman si Galileo Alday bilang Supervisor ng Kabayan Loan at pinalitan naman ni Jhonaren Laylo. Nalipat naman si Genelyn Dimaculangan, GC sa LCDP-Lemery at pinalitan naman ni Noreen Malata. Si Ever Mote, ang pinakabagong miyembro ng San Jose Branch, ang papalit kay Lester Makalintal bilang Kapitan AO.

Sa patuloy na pagdami ng mga empleyado at ng mga kliyente, kinailangang palakihin ang opisina ng BK-San Jose upang mapaglingkuran pa nang maayos ang lahat ng kliyente. Ang extension office ay pinasinayahan noong ika-6 ng Oktubre, 2006, Biyernes alas 4:00 ng hapon sa pangunguna ni Fr. Charlie Arjente, Atty. Francis Ganson at iba pang kawani ng BK.

Bagong mukha, ugali at paraan ng serbisyo pero iisang layunin: “Ang mapaunlad at mapaglingkuran ang mga nangangailangan sa gabay at sa pamamagitan ng pagtataguyod ng Vision at Mission ng Bangko Kabayan.”